STABLE & SURE

# Mga Taong Pinili ng Diyos (Ang mga Tinawag)

WEEK 4

## WARM-UP

- Paano mo sinasagot ang tanong na ito noong bata ka: "Ano ang gusto mong maging paglaki mo?" Nagbago ba ito?
- Ikwento ang pagkakataong naramdaman mong espesyal ka. Ano ang nagpadama sa iyo nito at paano ka tumugon dito?
- May paborito ka bang kwento tungkol sa pagtubos o isang ganap na pagbaliktad ng mga pangyayari? Ikwento ito sa amin.

## WORD

[6]*Sapagkat sinasabi ng Diyos sa Kasulatan, "May pinili akong maghahari sa Zion. Tulad niya'y mahalagang bato na ginawa kong pundasyon. Ang sumasampalataya sa kanya ay hindi mapapahiya."* [7]*Kaya kayong sumasampalataya ay pararangalan ng Diyos. Ngunit sa taong hindi sumasampalataya ay naganap ang sinasabi sa Kasulatan, "Ang batong itinakwil ng mga tagapagtayo ay siyang naging batong pundasyon.* [8]*Ang batong ito ay naging katitisuran sa mga tao, at nakakapagpadapa sa kanila."* **1 PEDRO 2:6–8**

Isinulat ni Pedro ang liham na ito para sa mga Kristiyano na nagdurusa at itinakwil dahil sa kanilang pananampalataya kay Cristo. Sa kanilang kabiguan at panghihina ng loob, ipinaalala sa kanila ni Apostol Pedro: Si Jesus ang ating pundasyong-bato, at ang mga maniniwala sa Kanya ay *hindi mapapahiya*. Kay Cristo, maaari tayong maging matatag at sigurado anuman ang ating pinagdaraanan. Para sa ating mga mananampalataya, ano ang ibig sabihin ng pagiging pundasyong-bato ni Jesus?

## 1 Ibinukod tayo para sa Diyos.

*[4]Siya ang batong buhay na itinakwil ng mga tao pero **pinili** ng Diyos at **mahalaga** sa paningin niya. At habang lumalapit kayo sa kanya, [5]kayo na tulad din ng batong buhay ay itinatayo ng Diyos bilang isang gusaling espiritwal. At bilang mga **banal** na paring pinili ng Diyos, nag-aalay kayo sa kanya ng mga espiritwal na handog na kalugod-lugod sa kanya dahil ginagawa n'yo ito sa pamamagitan ni Jesu-Cristo.* **1 PEDRO 2:4–5**

Pinalakas ni Pedro ang loob ng mga mananampalataya sa pamamagitan ng katotohanan na tayo ay ibinukod mula sa makasalanang mundo bilang mga banal na pari. Kahit na tayo'y namumuhay sa mundong ito, dapat nating ipakita ang kabanalan ng Diyos, iwinawaksi ang lahat ng kasalanan—malisya, pandaraya, pagkukunwari, pagkainggit, at paninirang-puri (1 Pedro 2:1)—dahil ang Diyos na tumawag sa atin ay banal (1 Pedro 1:15). Titingnan tayo ng mundo at tatratuhing iba. Pero bilang banal na pari ng Diyos, tayo ay nabigyan ng direkta at ganap na daan patungo sa Kanya. Nasa harap tayo ng pag-aalay ng sakripisyo at pagpupuri sa Diyos. Paano nito napapalakas ang loob mo upang hangarin ang buhay na may kabanalan?

## 2 Binigyan tayo ng bagong pagkakakilanlan.

*. . . [5]kayo na tulad din ng batong buhay ay itinatayo ng Diyos bilang isang gusaling espiritwal. At bilang mga banal na paring pinili ng Diyos, nag-aalay kayo sa kanya ng mga espiritwal na handog na kalugod-lugod sa kanya dahil ginagawa n'yo ito sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. . . . [9]Ngunit kayo'y mga taong pinili, mga maharlikang pari, at mga mamamayan ng Diyos. Pinili kayo ng Diyos na maging kanya upang ipahayag ninyo ang kahanga-hanga niyang mga gawa. Siya ang tumawag sa inyo mula sa kadiliman tungo sa kahanga-hanga niyang kaliwanagan.*

**1 PEDRO 2:5, 9**

Para sa Diyos, ito tayo kay Cristo: gusaling espiritwal, mga banal at maharlikang pari, mga taong pinili, banal na bayan, mga mamamayan ng Diyos. Ang dugo ni Cristo ang nagmarka sa atin bilang Kanyang mga mamamayan. Hindi na natin

kailangan pang mamuhay nang para lamang sa mga sarili natin, nag-iisip lamang ng mga pansarili nating interes, o nagtuturingan sa isa't isa na parang mga magkakaaway. Kay Cristo, hindi natin kailangang makipaglaban para sa kalalagyan natin dahil lahat tayo ay kabilang sa Kanyang pamilya at ngayon ay nagtataguyod ng mas mataas na layunin at tawag mula sa Diyos. Ang ibig sabihin nito ay maaari nating protektahan ang pagkakakilanlan ng isa't isa habang tayo ay namumuhay sa isang komunidad ng mapagmahal at nagbibigay-buhay na mga ugnayan at sama-samang naghahangad ng kabanalan. Sino ang nakakasama mo sa iyong pamumuhay para sa Diyos? Paano ka nila natutulungang ipamuhay ang pagkakakilanlan mo sa Diyos?

## 3 Ipinadala tayo upang ipahayag ang kahanga-hangang gawa ng Diyos.

*Ngunit kayo'y mga taong pinili, mga maharlikang pari, at mga mamamayan ng Diyos. Pinili kayo ng Diyos na maging kanya upang ipahayag ninyo ang kahanga-hanga niyang mga gawa. Siya ang tumawag sa inyo mula sa kadiliman tungo sa kahanga-hanga niyang kaliwanagan.* **1 PEDRO 2:9**

Sa huli, ang pagiging ibinukod natin at ang ating bagong pagkakakilanlan ang tutulong sa ating ipamuhay ang layunin ng Diyos sa atin. Tinawag tayo upang ipahayag ang Kanyang kahanga-hangang mga gawa sa buong mundo. Ito ang ating misyon, at ginagawa natin ito sa pamamagitan ng pagpapahayag ng ebanghelyo, pag-akay sa iba kay Cristo na Siyang pundasyong-bato at kaligtasan natin, at pamumuhay nang isinasalamin ang Kanyang kabutihan. Sa ating pagpapatuloy sa misyon ng Diyos at pagpapahayag ng Kanyang kahanga-hangang mga gawa, patuloy tayong sumusunod kay Jesus at namumuhay bilang isang komunidad. Paano tayo naaakay ng pagsunod natin kay Jesus at pakikisama sa ibang mananampalataya upang matulungan ang mga tao at makipag-ugnayan sa mga naliligaw ng landas? Bakit natin kailangan ang tatlong ito sa pagdidisipulo?

## APPLICATION

- Ngayong tayo ay naibukod na para kay Cristo, may mga bahagi ba sa iyong buhay na kailangan mong isuko sa Kanya? Paano mo maisasalamin ang Kanyang kabanalan sa mga bahaging ito?
- Paano mo maisasapamuhay ang iyong pagkakakilanlan sa Diyos? Ano ang ilan sa mga humahadlang dito? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo para simulang mapagtagumpayan ang mga hadlang na ito?
- Sa palagay mo, kanino ka tinatawag ng Diyos na ipahayag ang Kanyang kahanga-hangang mga gawa? Paano mo maihahanda ang iyong sarili para magawa ito sa mga darating na araw?

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos dahil ibinukod ka Niya bilang Kanyang anak at para sa layunin Niya para sa iyo. Ipanalangin na ikaw ay mananatili sa pagkakakilanlan mo sa Kanya at magiging matiyaga sa pagtupad ng tawag Niya sa buhay mo.
- Ipanalangin na patuloy na ipaalala sa iyo ng Diyos ang pagkakakilanlan mo sa Kanya at ang pagkakaroon mo ng espiritwal na pamilya na tutulong sa iyo upang ikaw ay mas maging tulad ni Cristo.
- Ipanalangin ang mga tao na gusto mong bahaginan ng iyong patotoo at ng ebanghelyo. Habang hinahangad mo Siya, hilingin sa Diyos na bigyan ka ng habag, lakas ng loob, at mga tamang salitang maaari mong sabihin.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng materyal: Chrysse Manuel, Madel Vanguardia

victory.org.ph